



OPISINA NG BISE TSANSELOR PARA SA GAWAING PANGKOMUNIDAD

UNIBERSIDAD NG PILIPINAS DILIMAN
Quezon Hall, Diliman, Lungsod ng Quezon
Telepono: (632) 981-8500 local 8600, 8601; (632) 928-2947
Email: ovcca.updiliman@up.edu.ph Website: ovcca.upd.edu.ph



24 Nobyembre 2020

Memorandum Blg. ABB – 20 – 21

Para Sa : Mga Dekano, Direktor at Pinuno ng mga Yunit
Paksa : **FAQs hinggil sa ating targeted testing para sa Physically-Reporting na mga Fakulti, REPS at Kawani**

Sa naging pulong ng mga HeLO at PET na ginanap noong ika-2 ng Oktubre, tinalakay ang mga *Frequently Asked Questions (FAQs)* hinggil sa gaganapiing targeted testing para sa mga *physically reporting* na mga fakulti, REPS at kawani ng ating Unibersidad. Marami ang ating naklaro na mga katanungan at mga pangamba mula sa mga kawani sa pulong na iyon. Batay sa mga napag-usapan, nirebisa ang mga FAQs na nakalakip na sa memorandum na ito.

Mula noong pulong na iyon hanggang ngayon ay nadagdagan na ang mga bilang ng mga yunit na nagsumite ng kanilang mga risk assessment sa kanilang mga kawani. Inaasahan po natin na ang mga hindi pa nakasumite ay ipadala na rin ang kanilang mga *risk assessment* upang magpatuloy ang ating pagtukoy ng mga high risk at medium risk na mga kawani.

Huling linggo ng Setyembre nang ating simulan ang targeted testing para sa mga very high risk, high risk at medium risk na nagpakita ng sintomas at naging close contact. Nakita po natin na may mga nagpositibo mula sa mga dumaaan sa testing at sila ay nag quarantine sa Silungang Molave o kaya sa kanilang mga bahay. Malaking tulong ang pagsailalim sa testing upang matukoy natin ang mga asymptomatic na positive, ganoon din ang mga mild na mga kaso upang sila ay ma-isolate at mabigyan ng karampatang lunas. Malaking luwag din sa ibang mga kawani ang malaman na sila ay negatibo at nagpapatuloy sila na pag-ingatan ang kanilang mga sarili.

Alam po natin na usaping pampublikong kalusugan (*public health concern*) ang COVID-19 kung kaya mahalaga ang suporta at tulongan ng lahat.

Maraming salamat muli sa inyong patuloy na pang-unawa at kooperasyon.


DR. ALELI B. BAWAGAN
Bise Tsanselor para sa Gawaing Pangkomunidad

**UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
UP DILIMAN COVID-19 TASK FORCE
Nobyembre 2020**

Bahagi ng stratehiya ng Unibersidad ang *targeted testing* para sa fakulti, REPS at kawani laban sa kinakaharap natin ngayong pandemya ng COVID-19. Kasama dito ang mga kontraktwal na mga empleyado o nakapailalim sa non-UP o JOs at maging mga agency-hired.

Naisin man natin, ngunit dahil na rin sa limitado ang ating kakayanan at base na rin sa mga pag-aaral, rekomendasyon at *guidelines* na ating naunang ipinalabas, hindi lahat ay maaaring ma-test at mabilang na *Very High Risk* o *High Risk*.

Narito ang mga kadalasang tanong na aming natatanggap kaugnay ng nasabing *targeted testing*:

FREQUENTLY ASKED QUESTIONS (FAQs)

TUNGKOL SA TARGETED TESTING

Ano ang Targeted Testing at bakit ito isasagawa ng UP?

Ang gagawing targeted testing ng UP ay ang tinatawag na *testing for screening*. Ito ay tumata-target sa lahat ng fakulti, REPS at kawani na nasa kategoryang Very High Risk at High Risk batay sa trabahong ginagawa at sa risk exposure na maaaring makuha dito. Ang pangunahing target ng screening ay ang mga empleyadong pumapasok sa mga opisina at walang sintomas ng COVID-19 (o yung tinatawag na *asymptomatic*).

Dahil mga asymptomatic ang ite-test, mabibigyan tayo ng mas klarong impormasyon kung gaano kalaganap ang transmision ng virus sa UP work force. Makakatulong ang screening para maagapan ang paglaganap pa ng sakit at mapanatiling ligtas ang ating mga opisina at yunit. At siyempre, mabibigyan ng kaukulang kalinga ang mga kawaning matutukoy na may sakit kahit sila ay walang sintomas.

Sa pamamagitan ng targeted testing, mabibigyan tayo ng baseline information tungkol sa sitwasyon ng COVID-19 sa loob ng campus, lalo na ng mga high risk groups sa ating komunidad. Sa panahong pababa ang bilang ng mga positive cases, mas mahalaga ngayon ang screening o testing upang maiwasan ang tinatawag na *second wave*.

Ano ang kaibahan ng Targeted Testing sa Diagnostic Testing?

Kung ang targeted testing ay nakatuon sa mga taong walang sintomas ng COVID-19 o *asymptomatic*, ang diagnostic testing ay nakatuon sa mga taong may sintomas.

Ang fokus ng targeted testing ay ang ang kalagayan ng komunidad samantalang ang fokus naman ng diagnostic testing ay ang kalagayan ng indibidwal.

Ano ang benepisyo ng pagpapa-swab sa ilalim ng Targeted Testing ng UP?

- Mabibigyan ng kaukulang kalinga ang mga asymptomatic (o walang sintomas);
- Maihihiwalay ang mga may sakit o nag-positibo sa mga walang sakit at maiiwasan ang paghahawaan; at
- Maaagapan ang pagkalat ng virus sa ating mga opisina at bahay.

Ang pagpapa-swab test ba ay mandatory para sa lahat o maaari itong tanggihan?

Ang *swab-testing* ng UP personnel ay hindi mandatory. Ngunit ang UP Diliman (tulad ng lahat ng mga lugar paggawa) ay may obligasyon sa ilalim ng batas na magsagawa ng mga hakbang na magtitiyak na ligtas ito para sa lahat ng kawani.

Dahil ang *COVID-19* ay isang *public health concern* kung saan apektado ang buong komunidad ng UP Diliman, kinakailangang sumailalim sa *targeted testing* ang mga fakulti, REPS o kawani na nasa *Very High Risk* o *High Risk*. Muli, ito ay upang mapangalagaan ang lahat at maiiwasan ang pagkalat ng naturang sakit.

May pananagutan ba ang kawani na nasa Very High Risk at High Risk pero ayaw magpa-test?

Hindi mandatory ang pagpapa-test. Pero ang UP ay may obligasyon sa ilalim ng batas na gawing ligtas ang lugar paggawa para sa lahat ng kawani. Ayon din sa batas, ang *COVID-19* ay sakit na kailangang nire-report sa kinauukulan. Ang paglabag nito ay may penalty. Ngunit mas mahalaga kesa sa penalty ay maipaliwanag sa kawani ang pangangailangan ng pagpapa-test. Ito ay hindi lang para sa kanila kundi para sa kaligtasan ng lahat.

Sino-sino ang makakasama sa Targeted Testing na ito?

Lahat ng fakulti, REPS at kawani na *physically reporting* ay makaka-avail ng swab testing ng UP. Ngunit dahil iba't-iba ang *risk exposures* natin, iba-iba rin ang guidelines para sa bawat kategorya ng risk exposure. May pagpaprayoridad ito kung kaya't ito ay tinatawag nating *targeted testing*.

Ang mga *Very High Risk* ay ite-test isang beses kada buwan (once a month).

Ang mga *High Risk* ay ay ite-test isang beses kada dalawang buwan (every two months).

MGA RISK CATEGORIES AT SINU-SINO ANG DAPAT MAGPA-TEST

Paano ba malalaman kung sino ang Very High Risk, High Risk o Medium Risk? Ano ang batayan para dito?

Para ma-*identify* ang mga *risk levels* ng kada gawain sa kanya-kanyang opisina o yunit, naging batayan ng ebalwasyon ang mga naisumiteng mga *Risk Assessment Forms* at *Matrices* ng bawat opisina o yunit bilang tugon sa *Memorandum No. ABB-20-08: Preparation and Submission of Risk Assessment Matrix and Evaluation in the Workplace*.

Base sa *Risk Assessment Matrices/Tables*, tinutukoy dito ang gawain ng inyong mga opisina o yunit, bilang ng mga transaksyon araw-araw, bilang ng mga kliyente o katrabahong nakakasalamuha araw-araw at iba pa.

Ang mga *Residual Risk Assessments* ang ating naging batayan para matukoy kung sino ang mga *Very High Risk, High Risk* at *Medium Risk*. Ipinapaala lang po natin na ang mga *Residual Risk Assessments* ay resulta matapos mai-*apply* o *implement* ang mga *existing controls* o *measures* ng inyong mga opisina o yunit upang maiwasan ang pagkalat ng sakit.

Sino-sino ba ang maituturing na Very High Risk, High Risk, Medium Risk at Low Risk?

Very High Risk –

Ito ay mga personnel na ang trabaho ay may exposure o interaksyon sa mga taong nagpositibo sa COVID-19 at sila ay nagre-report sa mga pasilidad na itinalagang *red zone* ng UP Diliman o di kaya ay humahawak ng mga biohazardous materials na maaaring may virus.

High Risk –

Ito ay ang mga personnel na halos araw-araw pumapasok sa opisina, maraming nakakahalubilong kliyente at mga katrabahong maituturing na *close contacts*. Kabilang dito ang mga personnel na madalas pinapadala sa labas ng kanilang opisina bilang bahagi ng kanilang trabaho. Kasama din dito ang mga *administrative offices* na kulob at walang sapat na *air flow* o *ventilation*.

Medium Risk –

Ito ay ang mga personnel na *physically reporting* sa kani-kanilang mga opisina at yunit nang hindi lalagpas sa dalawang araw, hindi gaanong nakakasalamuha ang maraming kliyente o katrabaho.

Low Risk –

Ito ay mga personnel na hindi pinagre-report physically sa kanilang opisina at buong linggo ay *work from home*.

May limit ba ang bilang ng mga kawaning kasama sa targeted testing para sa COVID-19?

Tinatantiya na sa mga kawaning kasalukuyang pumapasok sa opisina o health facilities, 150 ay nasa Very High Risk; 200 ay nasa High Risk. Kung kaya't naglaan ang UP Diliman ng pondo para sa mga ito.

Maaari bang isama sa High Risk ang mga security guards, messengers at custodial staff sa mga kolehiyo?

Ang mga security guard, messenger at custodial staff ay pwedeng pumasok sa Very High Risk (VHR), High Risk (HR) at Medium Risk (MR). Ito ay depende sa: (a) kung saang opisina o yunit sila nakaistasyon, (b) dami ng regular na nakakasalamuha nila sa kanilang trabaho, at (c) istruktura ng kanilang opisina o yunit.

Sa pangkalahatan, ang mga kolehiyo (o academic units) ay tinuturing na MR dahil kaunti lang ang kawani o kliyente na pumupunta dito. Ngunit may mga kolehiyong mabigat ang daloy ng mga tao kahit panahon ng pandemya. Halimbawa ay ang College of Science na maraming mga deliveries na tinatanggap araw-araw para sa kanilang mga laboratoryo. Kaya't ang mga security guard, messenger at custodial staff nito ay tinuturing na HR. Kailangang rebyuhin ng kolehiyo kung ang kanilang gawain sa pang-araw-araw ay maituturing na HR o MR.

Saang kategorya naman isasama ang student housing staff?

Kung ang dormitoryo ay bukas na sa mga estudyante, maaaring ituring na nasa High Risk ang mga kawani nito. Para sa mga dormitoryong sarado pa sa mga residente, maituturing na nasa Medium Risk ang staff nito.

Ang mga empleyado bang may comorbidities o immunocompromised ay itinuturing na High Risk?

Base sa *Post-ECQ Guidelines** na inilibas ng UP Diliman, ang mga kawani na may *comorbidities* at mga *immunocompromised* ay hindi ini-*encourage* na pumasok sa kanilang mga opisina o yunit. Naiintindihan natin na may mga kasamahan tayong kinakailangang pumasok ngunit ang *Risk Assessments* na ating ginagawa ay base sa pang-araw-araw na gawain natin dito sa Unibersidad.

Kung hindi kabilang ang kawani sa *High Risk* base sa mga kwalipikasyong nabanggit sa itaas, maituturing siyang sa *Medium Risk*. Makakapagpa-test lamang ito kung may rekomendasyon ng UPHS-Public Health Unit (PHU).

Hinihikayat ang mga opisina o yunit na magsagawa ng mga paraan, aktibidad o programa upang maipaliwanag ang kahalagahan ng *targeted testing* para sa lahat.

*Note: Paki tingnan ang *Post-ECQ Guidelines* na inilabas noong ika-11 ng Nobyembre 2020.

Ano ang mangyayari sa mga personnel na nasa Medium o Low Risk?

Lahat ng kawaning makakaramdam ng sintomas ay maaaring makakapagpa-test. Ang mga *Medium o Low Risk* ay ite-test kung sila ay may sintomas ng COVID-19 (*symptomatic*) o naging *close contact* ng isang COVID-19- *patient*. Sila ay *for interview at evaluation* muna ng UPHS-PHU.

Wala rin silang babayaran dahil ito ay kukunin sa PhilHealth base sa DOH guidelines.

Pwede rin bang magpa-test ang mga kawaning physically reporting for work na hindi kasama sa high or very high risk pero may sintomas ng COVID-19? Ano ang protocols para sa swab testing nila?

Saan mang kategorya sila nakapasok, ang lahat ng kawaning may sintomas ng COVID-19 ay kailangang magpa-test. Para sa mga nasa medium o low risk, sa oras na may sintomas o naging close contact ng isang COVID-19 patient, kumunsulta agad sa UPHS-PHU para sa payo ng doktor. Maaari silang magpa-test base sa rekomendasyon ng UPHS-PHU.

Pwede bang magpa-test ang fakulti at kawani na work from home kahit sila ay low risk at walang sintomas?

Oo, pwede silang magpa-test. Ito ang tinatawag na *elective swab testing*. Ginagawa ito ng marami kung sila mag-aaplay o babalik sa trabaho, magbabahe o gustong mawala ang alalahanin. Pero sa kasong ito, hindi na sasagutin ng UPD ang elective swab test ng mga fakulti o kawaning low risk at walang sintomas na nararamdaman. Maaaring makipag-usap sa Philippine Genome Center (PGC) kung may nais kumuha nito.

Ang mga security guard at custodial staff ba ay mate-test din at magkano?

Kasama sa mga ite-test ang mga agency-hired na security guard at custodial staff na nasa ilalim ng kategoryang Very High at High Risk. Wala silang babayaran.

SWAB TEST AT QUARANTINE

Hindi ba mas posibleng mahawa ang kawani kung siya ay pupunta sa swab testing site ng UP?

Ang swabbing facility ng UP ay nasa Silungang Molave. Isinasagawa ang swabbing sa isang lugar na *open air* at may mga protocols na pinapatupad para gawing ligtas ang lahat.

Naka-iskedyul din ang pagpapa-test at tiniyak na limitado lang ang bilang ng mga tao sa bawat iskedyul. Ito ay para maiwasan ang kumpulan at siguraduhin na may physical distancing ang lahat.

Masakit ba ang pagpapa-swab test?

Ang swab ay kinukuha mula sa loob ng ilong. May konting *discomfort* ang procedure na ito pero ito ay sandaling-sandali lang. Pagkatapos ng swab test, kadalasan ay maginhawa na ang pakiramdam dahil alam nating may nagawa tayo para sa ating kalusugan at kaligtasan.

Totoo bang matapos ma-swab ay awtomatikong magku-quarantine ng 14 days?

Mahigpit na sundin ang pagku-quarantine habang naghihintay ng resulta. Ang resulta ng swab test ay karaniwang lumalabas *at least 24 hours* matapos ang test. Kung negatibo ang resulta ng inyong test ay makakapasok na kayo sa inyong opisina o yunit kinabukasan. Sa pagkakataong ito, hindi kailangang tapusin ang 14 araw.

Kung nag-positibo ang inyong test, kayo ay sasailalim sa *isolation* ng 14 araw o hanggang sa lubusang mawala ang inyong mga sintomas.

Kung nagpositibo ang isang kawani, iku-quarantine din ba ang mga kasama niya sa bahay?

Oo, dapat silang mag-quarantine, dahil ang mga kasama sa bahay ay tinuturing na close contact ng nagpositibo.

EPEKTO SA TRABAHO, SWELDO AT PAGPAPAGAMOT

Paano na ang mga kawaning No Work, No Pay pero kailangang mag-quarantine o mag-isolate?

Para sa mga kawaning *No Work, No Pay* tulad ng mga security guards at custodial workers, isasagawa natin ang *testing* sa araw ng kanilang *rest day* o kung kailan sila walang pasok. Ang paghahanap ng iskedyul ay iko-coordinate ng UPHS-PHU.

Kung kakailanganing mag-quarantine o mag-isolate ng kawani at maapektuhan ang kanyang trabaho, ii-endorso ng kanilang yunit ang pagpapatuloy na kanilang pagsweldo sa panahong sila ay naghihintay ng resulta ng test o nagpapapagaling. Sasagutin ng UP Diliman ang pagpapasweldo sa kawani.

May babayaran ba kami kapag nagpa-swab test? Kung wala, bakit kinukuha ang aming PhilHealth number?

Libre ang swab test at walang babayaran ang kawaning kasali sa *targeted testing*. Ang UP Diliman ay naglaan ng pondo para dito.

Ang mga PhilHealth *numbers* at *IDs* na hinihingi ay isusumite natin sa Philippine Genome Center (PGC) upang kanilang matugunan ang rekisito ng PhilHealth para sa *COVID-19 package*.

Paano kung walang PhilHealth ang isang kawani?

Kung sakaling walang PhilHealth ang isang kawani, siguraduhing kumpleto ang pagsagot sa Case Investigation Form (CIF) at Patient Membership Registration Form (PMRF) ng PhilHealth. Isusumite ang dalawang forms na ito bago ang nakatakdang iskedyul ng swab test. Ito ang mga gagamitin para mai-enrol ang kawani sa PhilHealth.

Ang PMRF ay maaaring madownload sa PhilHealth website:
www.philhealth.gov.ph/downloads.

Sino ang sasagot sa pagpapagamot kung ang isang kawani ay na-ospital dahil sa COVID-19?

Ang lahat ng magku-quarantine sa Silungang Molave ay mabibigyan ng libreng gamot at pagkain. Para sa mga kawaning may sintomas na moderate at high risk at kailangang ma-ospital, maaari nilang gamitin ang kanilang pribilehiyo sa ilalim ng E-HOPE. Makipag-usap sa HRDO para sa detalye nito.

Kailangan bang sagutan ang lahat ng tanong sa Case Investigation Form (CIF)?

Importanteng sagutan ang lahat ng tanong sa CIF. Maaantala ang pagpapa-test kung hindi ito kumpleto. Importante rin ang lahat ng impormasyong ibibigay ninyo para sa ating *contact tracing*.

Huwag kalimutan ilagay ang inyong contact number (o number ng kamag-anak) para mabilis sa inyong maibigay ang resulta ng test. Sa pagkakataon na walang numerong maibigay, gagamitin ang numero ng Disease Reporting Unit at ito ay ang UPHS-PHU.

PAGBIBIGAY-ALAM SA YUNIT AT PAGBALIK SA TRABAHO

Ano ang protocol kapag sa labas nagpa-test ang isang kawaning nagpositibo sa COVID-19? Pwede ba sila makakuha ng medical certificate sa UHS bilang patunay na pwede na silang bumalik sa trabaho?

Kung kayo ay nagpa-test sa labas ng UP at nagpositibo, ipaalam agad ito sa UHS-PHU para kayo ay ma-monitor. Ang pagmomonitor na ito ang magiging basehan ng UHS-PHU para kayo ay mabigyan ng medical certificate sa katapusan ng inyong quarantine.

Maaari ba namin malaman bilang mga Health Liaison Officers (HeLOs) o Post-ECQ Teams (PETs) ang mga resulta ng naturang tests, partikular na yung mga nag-positive?

Oo, makikipag-ugnayan ang UPHS-PHU sa mga HeLOs o PETs ng mga opisina o yunit na may kawaning nagpositibo sa COVID-19. Base sa *Revised Guidelines for Responding to COVID-19 Cases Among Staff and Faculty: For UP Diliman Offices and Units*, katulong ng UPHS-PHU ang mga HeLOs at PETs na gagabay sa kani-kanilang mga opisina at yunit para sa pagpapalano, pag-aaral at maging pagtulong sa mga kasamahang nagpositibo sa sakit.

Dahil dito, muling ipinapaalala ang kahalagahan ng pagkakaroon ng HeLO o PET sa isang opisina o yunit. Sa mga wala pang HeLO o PET, hinihikayat kayong magtalaga para sa inyong yunit o opisina. Maaaring maipadala ang mga kinakailangang impormasyon sa: uphspublichealth.upd@up.edu.ph.

SUBJECT: [Office/Unit] HeLO/PET

Email: Pangalan ng HeLO/PET: [Iska A. Morena]

HeLO/PET: [HeLO]

Mobile No.: [09567891234]

Email address: [iamorena@up.edu.ph]